Setyembre ３,2021

Para sa Magulang

Koshimizu School Principal
阿知波　早百合

Tungkol sa Pag-iwas sa Pagkakasakit ng COVID 19 Disease (Pakiusap)

Katulad ng ipinadala na notis sa inyo nung nakaraan, upang mabigyan ng kasiguruhan ang pag-aaral, ipinakikiusap na ipagpatuloy ang pag-iingat sa inyong sambahayan at kapamilya at inaasahan ang inyong kooperasyon upang magkaroon ng maayos at ligtas na kapaligiran para sa pag-aaral ng inyong anak.

記

1　Para sa pag-iwas ng sa pagkakasakit ng COVID 19 disease, mag-ingat sa mga sumusunod na bagay.

○Huwag papasukin sa paaralan kung may lagnat at mga sintomas ng sipon ang bata pati na rin ang alin man sa kasambahay.

○Kung ang kasambahay ay napag-alaman na may direct contact sa may sakit, hindi maaaring papasukin ang bata hanggang sa matapos ang durasyon ng quarantine ng kasambahay.

○Kung may lagnat ang bata at iba pang sintomas ng sipon at kahit na kaagad gumaling (Ex. May lagnat sa gabi, gumaling sa sunod na umaga), huwag papasukin ang bata sa loob ng isang araw at pag-isipan din kung kailangang kumunsulta sa doktor.

○Iwasan ang pagkain kasama ang ibang tao maliban sa kapamilya at kung hindi ito maiiwasan, siguraduhin na kaunting tao lamang at isagawa ang lahat ng magagawa upang maiwasan ang pagkakasakit.

2　Tungkol sa garantiya sa pag-aaral

Katulad ng nakasaad sa itaas, hindi maaaring papasukin ang inyong anak kung ang alinman sa kasambahay ay may lagnat o sintomas ng sipon. Sa ganitong sitwasyon, gagamitin ang tablet para sa online lesson at kailangan din isagawa ang lahat ng print-outs at problem work books upang masigurado ang patuloy na pag-aaral.

3　Iba pa

・Kung may tanong, kumunsulta lamang sa paaralan.

In charge　Head Teacher　藤井　忍
Telepono　０５６５－３２－０１９４